Kung kayo ay nagtitinda ng Tabako

Mayo 2008

Ano ang dapat malaman ng mga tindahang nagtitingi tungkol sa mga alituntunin para sa buwis ng Tabako ng Ontario.

Ang ilegal na pagbebenta ng tabako ay

- inilalagay sa panganib ang kalusugan ng mga Ontarian sa pamamagitan ng pagbebenta ng higit na mababang halaga at hindi regular na mga sigarilyo na siyang madaling matagpuan at mabili
- nag-aalis o nagbabawas ng pondo para sa lalawigan na maaaring magamit sana sa pagpapaunlad ng edukasyon at pangangalagang pangkalusugan
- tumutulong sa mga kriminal upang higit na yumaman at magkaroon ng maayos na samahan upang maiwasan ang paghahabla
- lumilikha ng hindi patas na kompetisyon sa mga tapat na mga mangangalakal
- lumalabag sa batas
- maaaring magmulta, mabigyan ng mga kaparusahan at maging ang pagpataw ng pagkakulong

Ang mga nagtitinda ng tingi na tabako ay kailangang

- magkaroon ng isang balidong Retail Sales Tax Vendor Permit
- bumili lamang sa mga rehistradong mga namamakyaw o mga taong mangangalakal na nagbebenta ng lansakan sa Ontario
- magbenta lamang ng mga pakete ng sigarilyong mayroong dilaw na pantanggal na teyp ng Ontario

CANADA DUTY PAID − DROIT ACQUITTÉ − ONTARIO −

- (ang mga letrang “ON” ay kailangang kitang-kita saan man sa pakete)
- hindi dapat na magbenta ng mga pakete ng mga sigarilyong mayroong peach* o iba pang kulay na pantanggal na teyp, mga paketeng walang pantanggal na teyp, o mga sigarilyong nasa mga malinaw na plastik na bag
- dapat malaman na ang mga buwis na panlalawigan at pederal ay nadagdagan ng humigit-kumulang na $43.79 ang bawa’t karton ng mga sigarilyo, ang mga karton na ibinebentang mura ay maaaring ilegal

* Mga tindahan na libre sa buwis ay maaaring binigyang pahintulot na magbenta ng mga sigarilyong mayroong peach na pantanggal na mga guhit. Gayun din, ang ibang mga tindahang nagtitingi na mahahanap sa mga nakatalagang lugar ay pinahihintulutang bumili ng mga limitadong bilang ng mga pakete ng sigarilyo na mayroong peach na pantanggal na mga guhit na ibebenta lamang sa mga itinalagang mga taong Unang Nasyon na mga Indyan na nakasaad sa *Indian Act* ng pederal.

Ano ang Dapat Asahan sa Mga Sandali ng Isang Inspeksiyon ng Sigarilyo

- Ang isang inspeksiyon ng sigarilyo ay maaaring abutin ng ilang oras bago makumpleto.
- Ang mga inspektor at mga awditor ay kikilalanin ang buong imbentaryo at susuriin ang mga aklat at mga talaan.
- Ang mga tindahang nagtitingi ay kailangang magbigay ng mga dokumento katulad ng mga resibo, talaan ng mga binili at mga dokumento sa pagngangalakal upang maipakita ang katibayan sa pagbabayad ng buwis ng tabako.
- Kailangang itago ng mga tindahang nagtitingi ang mga aklat at mga talaan sa loob ng pitong taon.
- Kung malalaman na mayroong ilegal na tabako, tatasahin ng inspektor ang kaparusahan at kukumpiskahin ang mga ilegal na tabako.
- Ang mga tindahang nagtitingi ay may karapatang tumutol sa mga pagtatasa sa pamamagitan ng pagsasampa ng Mensahe sa Pagtutol o Notice of Objection.

Programa Para sa Pansamantalang Pagbabawal

- Ang mga tindahang nagtitingi na lumabag sa *Tobacco Tax Act* o sa *Smoke-Free Ontario Act* ng dalawang beses o higit pa sa loob ng limang taon ay maaaring pansamantalang pagbabawalan sa pagbebenta ng kahit anong tabako.
- Ang pagbabawal ay maaaring magtagal hanggang 180 ng mga araw, depende sa bilang o mga nilabag sa batas
- Ang isang tindahan na nagtitingi na nasa ilalim ng pansamantalang pagbabawal ay:
  - hindi maaaring magbili, mag-alok ng benta o magtabi ng tabako
  - hindi maaaring tumanggap ng kalakal ng tabako mula sa mga tao o pabrika
  - maaaring ilathala ang kanilang mga pangalan o lugar ng tindahan sa website ng Ministri ng Rentas
  - kailangang maglagay ng mga mensahe sa kanilang tindahan upang ipaalam sa publiko ang tungkol sa pagbabawal
- Ang hindi pagsunod sa pansamantalang pagbabawal ay maaaring maging resulta sa pagmumulta ng mula $5,000 hanggang $50,000. Karagdagan dito, ang lahat ng tabako sa lugar ng tindahan ay kukumpiskahin.

Para sa Mga Karagdagang Impormasyon

Sumangguni sa mga sumusunod na mga buletin:

- TT 1-2008 - Summary of Tobacco Tax Rules for Retail Dealers
- TT 2-2008 - What to Expect from a Tobacco Inspection
- TT 3-2008 - Program to Temporarily Prohibit the Selling, Offering for Sale and Storing of Tobacco

O sumangguni sa

Ministry of Revenue
Audit, Inspection and Resource Taxes Branch
33 King Street West, PO Box 625
Oshawa ON L1H 8H9

Telepono: 1 866 ONT-TAXS (1 866 668-8297)
Paks: 905 436-4511
TTY: 1 800 263-7776
Visit: ontario.ca/revenue

ISBN: 978-1-4249-7472-6

© Queen's Printer for Ontario, 2008